

KUNG ANG ISALUBONG SA IYONG PAGDATING. . .
ANG MGA DULA TUNGKOL
SA KATIPUNAN AT REBOLUSYONG 1896
SA PANAHON NG KOLONYALISMONG AMERIKANO, 1899-1943

Jerry C. Respeto

Tanging paggunita sa kasaysayan ang maaaring mapulsuhan sa pagbasa ng dulang pumapaksa sa Katipunan kapag ang teksto nito ang gagawing batayan sa pagsusuri. Subalit sa panahon ngayong binabasa na ang isang likha bilang teksto ng iba pang mga teksto, nakalalaya na ang mga akdang historikal sa hawla ng isang di-natitinag na pagpapakahulugan. Higit pa sa pagiging dokumento ng nakalipas na pangyayari, nakapagluluwal ang mga akda ng susun-susong kahulugan, lalo na kung sisipatin ito sa konteksto nito at ng mga kaugnay na teksto.

Susuriin sa sanaysay na ito ang mga dulang pangkasaysayan na naisulat sa mga unang dantaon ng kolonyalismong Amerikano. Bibigyang-halaga nito ang aspektong pulitikal ng mga dulang pumapaksa tungkol sa rebolusyong 1896. Palulutangin ang taglay nitong tono ng pagbabalikwas sa pamamagitan ng pagsipat sa mga dula mula sa pinagluwalan nitong kaligiran.

HINDI PA TAPOS ANG LABAN

Namayagpag ang mga dula tungkol sa Katipunan mula noong 1899 nang isulat ni Gabriel Beato Francisco ang dulang *Ang Katipunan*. Namulaklak ang mga ito hanggang 1943 nang isulat ni Julian Cruz Balmaseda ang dulang *Ang Sampung Utos ni Bonifacio*. Hindi lamang dapat ituring na dulang pangkasaysayan ang mga ito na walang anumang pagtuligsang isinagawa sa kanyang panahon. Mahihiwatigan ang adhikaing pulitikal ng mga dula kapag isinakonteksto ang mga akda sa pinagluluwalan nitong kaligirang panlipunan. Hindi natapos ang rebolusyon ng mga Pilipino matapos maitaboy palabas ng bansa ang mga Espanyol dahil sa pagdating at paghalili ng Estados Unidos bilang bagong mananakop. Patuloy pa ring itinaguyod ng mga rebolusyunaryo ang adhikain ng Katipunan sa mga kabundukan, habang isinagawa ng mga Amerikano ang reporma sa bansa. Ayon nga kay Renato at Leticia Constantino:

Para sa sambayanan, hindi natapos ang digmaan nang madakip si Aguinaldo: kailangan pa ring maitaboy ang mga kaaway. Sa pagkawala ni Aguinaldo sa eksena, naging malinaw ang larawan. Hindi na kasama ang mga ilustrado, nilabanan ng sambayanan ang mga Amerikano. Ilang komandanteng militar na mas nakababatid sa aspirasyon ng masa ang hindi nakinig sa proklamasyon ng pagsuko ni Aguinaldo. Lumitaw upang mamuno sa bagong kilusang kaisa ng oryentasyon ng orihinal na Katipunan ang mga Katipunerong nanatili sa mas mababang ranggo dahil sa pangigingibabaw ng mga ilustrado.¹

Pinanatili ng mga Amerikano ang pagiging normal ng lipunang Pilipino noong unang dekada ng 1900 habang namayagpag sa mga teatro sa Maynila (halimbawa, Teatro Oriental, Teatro Libertad, Teatro Rizal, Teatro Luzon, Teatro Olongapo, Teatro Lucban, Teatro Zorilla, Grand Opera House) at mga karatig-probinsiya ang mga dulang nagtatampok sa pakikibaka ng mga Katipunero noong 1896. Gayundin, patuloy namang itinaguyod sa kanayunan ang mga kilusang kontra-kolonyalismo para sa nasimulang adhikain ng Katipunan.

Itinaguyod ni Heneral Luciano San Miguel, sampu ng kanyang mga kapanalig, ang bagong Katipunan upang ipagpatuloy ang adhikain ng lumang Katipunan. Gayundin, sinikap buhayin ni Macario Sakay ang Katipunan sa pagtatatag ng Republikang Pilipino. Kasabay rin nito ang patuloy na pakikibaka ng mga magsasakang mapamahiin, gaya ng kulto ng Santa Iglesia ni Apo Ipe.

Nagpatuloy ang himagsikang Pilipino-Amerikano sa mga kanayunan sa Luzon at Bisaya dahil sa suportang tinatamasa ng mga rebolusyunaryo buhat sa masang Pilipino.

Pagsapit ng dekada trenta, buo na ang pulitikal na hangarin ng mga sektor ng paggawa at pagsasaka sa likod ng katotohanang natitinag na ang ideyal na konsepto ng kalayaang hinahangad para sa bansa. Gayunpaman, bukod sa pagiging kontra-asendero, tangan pa rin ng mga rebolusyunaryo ang labi ng matandang Katipunan. At sa pag-usad ng mga taon, habang unti-unting nabubuo ang pulitikal na adhikain ng watak-watak na pag-aalsa, lumilihis naman ang mga lider-pulitiko palayo sa ideyal na konsepto ng independensya—ang konsepto ng kalayaang ipinunla ng Katipunan.

Masasabing lumihis ang pakikibaka ng mga rebolusyunaryong Pilipino mula sa pagiging kontra-Espanyol tungo sa pagiging kontra-Amerikano. At kung pulitikal ngang maituturing ang mga dulang historikal, masasabing buhay nga ang pakikibaka ng mga makabayang Pilipino sa mga sentro at kanayunan. Matutunghayan sa sentro ang mga dulang pangkasaysayan, samantalang sa kanayunan naman ay nagaganap ang tuwirang pagharap ng mga rebolusyunaryo sa mga kaaway. At kapansin-pansin na isinasadula lamang ng una ang adhikain ng ikalawa, gamit na pananggalang ang telon ng kasaysayan.

Maaaring isipin na nakinabang ang mga Amerikano sa pagtatanghal ng mga dulang pangkasaysayan sa paglalarawan ng sarili sa bagong kolonya bilang tagapag-panday ng demokrasya. Naging kasangkapan nila ang mga dula dahil naipamalay nila sa mga Pilipino na tapos na ang rebolusyon at bahagi na lamang ito ng kasaysayan. Tila walang anumang pagtutol na isinagawa ang mga Amerikano hinggil sa pagtatanghal ng mga dulang historikal sa Pilipinas. Walang nasawata na ganitong uri ng dula ang pamahalaan, gayong naitanghal ang mga ito kasabay ng pagpapairal ng mga batas sa pamamahayag. Hindi dinanas ng mga dulang historikal ang sinapit ng drama simboliko na noo'y ipinagbawal ng mga kinauukulan na itanghal sa publiko.

Ang pagtuligsa sa katiwalian ang karaniwang paksa ng mga dula tungkol sa Katipunan at rebolusyong 1896. Dahil sa matingkat na layuning ito, higit na nangibabaw ang positibong larawan ng mga Amerikano na di-umano'y naghatid ng kapayapaan at nagligtas sa mga Pilipino laban sa mga mapaniil na Espanyol. Sa ganitong paglalarawan ng mga Amerikano sa kanilang sarili sa mga Pilipino, napag-ibayo nila ang masamang imahen ng mga Kastila na siyang itinatanghal ng mga dulang historikal. Kaya sa di-tuwirang paraan, malinaw na naisulong ng mga naturang dula ang pagiging “iba” ng mga Amerikano, lalo na kung ihahambing sila sa dating kolonisador na Espanyol. At batay sa ganitong perspektibo, nagiging pulitikal ang oryentasyon ng mga naturang dula, partikular na sa mata ng mga Amerikano.

Maituturing na may dalawang magkatunggaling mukha ang mga dulang pangkasaysayan ayon sa bumabasa o tumatanggap nito. Para sa mga Amerikano, maaaring magpahiwatig ang naturang mga dula ng pamamayani ng katiwasayan at kawalan ng pagtutol sa lipunang kolonyal. Sa kabilang banda naman, maaari ring ituring ang mga ito na isang anyo ng representasyong nagpapamalay ng iba pang kahulugan. Mapatitingkad ang mapanuligang tema ng mga dulang ito sa pagbibigay-pansin sa mga itinataguyod nitong konseptong hango sa Katipunan.

ANG EDEN O ANG LIPUNANG WALANG ALIPIN

Ang pagtatampok sa konsepto ng kalayaan ng mga dramatista noong mga unang taon ng kolonyalismong Amerikano ay mag-aakay sa sinumang babasa tungo sa pag-unawa na may isinusulong na isang tiyak na adhikain ang mga akdang pangkasaysayan. Maaaring tumutugon ang adhikaing ito sa pangangailangang pulitikal ng mga rebolusyunaryong Pilipino na nakikibaka noon laban sa mga kolonisador. Higit pang mapupulsohan buhat sa mga dulang ito ang ideolohiyang kontra-kolonyalismo kung isasaalang-alang na ito'y tila isang pagsasalin lamang sa tanghalan ng mga adhikain ni Andres Bonifacio. Ang pagbibigay-kahulugan sa salitang kalayaan sa konteksto ng nakaraan (hal., Eden o lipunang walang alipin) na siyang sandigan ng mga dulang pangkasaysayan ay tila isang alingawngaw ng sanaysay na *Ang Dapat Mabatid ng Mga Tagalog* ni Bonifacio.²

Halimbawa, sa ganitong konteksto nililina ni Huwan kay Kabesang Tano ang konsepto ng kalayaan na matutunghayan sa dulang *Ang Unang Sigaw* (1930) ni Precioso Palma. Upang higit na maipaanawa ni Huwan kay Kabesang Tano ang konsepto ng kalayaan, ganito ang kanyang naging litanya:

Opo, napapanahon nang dapat makipagtuusan ang bayang Tagalog. Kinakailangan ng ipakilala ng lahi natin ang kanyang katutubong karapatan. Ang mga dayuhang iyang naparito sa ating walang baon kundi isang baro at isang salawal, ngayo'y nangariya't nagpapasasa sa kayamanan ng ating bayan.

(*Tuturo sa bukirin*) Malasin mo po, Kabesa, ang malalawak nating mga lupain, masdan mo po ang katakut-takot na kayamanang ginagawa nila sa ating mga ninuno, na matapos makuha nilang lahat halos, ngayon ay ibig pang tayo ang manuluyan sa sarili nating bayan.³

At muli, ganito ang naging sagot ni Huwan sa Kabesa nang sabihin ng huli na umasa na lamang ang mga katutubo sa kapalaran:

Hindi po tayo nararapat umasa sa pagkakataon. Ang kapalaran po ng ating bayan ay hindi dapat iasa sa iba kundi sa ating magagawa. Walang katubusang natamo sa gitna po ng ligaya. . . . walang kaluwalhatiang nakuha sa pagwawalang-bahala, wala pong nakarating sa tugatog ng tagumpay na di dumanas ng pagpapakasakit. Ang kalayaan ng isang bayan ay sadya pong pinamumuhunan ng hirap at dugo gaya rin naman ng isang inang naghirap sa pagluluwal ng sanggol na pinangunahan din ng dugo.⁴

Umaalingawngaw sa mga litanyang ito ni Huwan ang pangangatuwiran ni Bonifacio kaugnay sa konsepto ng kalayaan sa kanyang sanaysay na *Ang Dapat Mabatid ng Mga Tagalog*. 1) Ano ang kalagayan ng Pilipinas bago dumating ang mga mananakop? 2) Ano ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas sa ilalim ng mga mananakop? At 3) Ano ang nararapat gawin ng mga katutubo? Kinakatigan ng dula ang taglay na diskurso ng nasabing sanaysay—na dulot ng kolonyalismo ang pagkakalugmok ng mga Pilipino at tanging kalayaan lamang (na katumbas ng buhay) ang magiging kasagutan dito.

Matutunghayan naman sa dulang *Bayan* (1916) ni Jose Ma. Rivera⁵ ang kalayaan bilang isang pangarap. Para kay Menandro, pangarap niyang makita ang Inangbayan na malaya sa mga kuko ng sakim at ganid na kaaway. Pangarap niya na makitang malinis sa tuwina ang bughaw na langit ng ating lupang tinubuan, gaya ng kapanahunang hindi pa siya pinaghaharian ng ibang bansa at malayang pinamamahalaan nina Soliman at Raha Matanda. Pangarap daw niyang makita ang kanyang bayan tulad ng isang magandang sampagitan may mga talulot na nagdudulot ng masaganang bango sa lahat ng mga nagmamalas sa kanya.

Ang pangarap na ito ni Menandro buhat sa dulang *Bayan* ay minsan na ring inasam ni Bonifacio sa kanyang tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* (1896). Wika ni Bonifacio, “*Ang nakaraang panahon ng aliw! ang inaasahang araw na darating! ng pagkatimawa ng mga alipin! liban po sa bayan saan tatanghalin!*”⁶ Kung babasahin ang mga saloobing ito ni Bonifacio sa panahong itinanghal ang *Bayan*, masasabing tila may pahiwatig ang dula na hindi pa rin nakakamit noong panahon ng Amerikano ang minimithing kalayaan ni Bonifacio.

Wala ring ipinagkaiba ang taghoy ni Menandro sa namamayaning tinig na masasaksihan sa tulang *Katapusang Hibik ng Pilipinas* (1896) ni Bonifacio⁷ kaugnay sa pahayag niya kung paano makakamit ang kalayaan. Wika ni Menandro.

. . .España! España! Ikaw nga ay lagi naming minamahal, ngunit malasin mo ang magiging hangga ng iyong palad dahil sa masasama mong anak!

España, ikaw ay aming ginigiliw, ang lahat ng iyong pighati ay aming dinadamayan ngunit ang iyong masasamang anak ay ipinalagay kaming alipin at hindi kapatid. Sa mga pagkaduhagi na tinitii ng buong puso, ay nararapat na ngang tunguhin ang parang at daanin sa lakas upang makamitan pa muli ang ating kalayaan.⁸

Higit pang pinag-iibayo ng pananaghoy na ito ni Menandro ang alingawngaw ng tinig ni Bonifacio tungo sa di-nagbagong pagpapakahulugan ng kalayaan bilang katumbas ng buhay. Nagsasanib ang dalawang tinig na ito buhat sa paniniwala na makakamit lamang ang kalayaan sa pamamagitan ng pagtungo sa bundok—na karaniwang wakas ng mga dula tungkol sa Katipunan.

Maaaring ipalagay buhat sa ganitong pananaw na nagsilbing propaganda ng mga dramatista ang mga dula tungkol sa Katipunan. Ipinagpapatuloy lamang ng mga dulang ito ang naudlot na layuning pulitikal ng drama simboliko. Walang pinagkaiba ang oryentasyon ng mga dulang pangkasaysayan sa mga tinaguriang drama simboliko. Isinusulong pa nga marahil nito ang layunin na tuligsain ang mga mananakop na Amerikano noong mga unang dekada ng siglo dalawampu. Sa halip na alegorya ang ginamit na maskara ng pananalinghaga, ang telon ng kasaysayan ang ginamit na pananggalang ng mga dula tungkol sa Katipunan. Muling binigyan ng espasyo sa tanghalan ang mga pulitikal na konsepto ng pag-ibig, Inangbayan at liwanag, na natunghayan na sa mga drama simboliko.

ALING PAG-IBIG PA?

Ang pagmamahal sa Inangbayan, kaugnay sa konsepto ng kontra-kolonyalismo, ang namamayaning paksa sa mga dulang pangkasaysayan. Isinusulong ng konseptong ito ang pagtutol sa anumang anyo ng pananakop at pang-aalipin. Nailuklok ng mga dramatista sa pedestal ang konsepto ng pagmamahal sa Inangbayan sa pamamagitan ng ginagawa nitong pag-aantas sa iba't ibang mukha ng pag-ibig. Sa pag-aantas na ito, karaniwang itinatapat ang konsepto ng pagmamahal sa Inangbayan, gaya ng pag-ibig sa anak, asawa, magulang, kasintahan, kaibigan, at sarili. Dito rin sa tunggaliang ito isinusuong ng dula ang mga tauhan upang panimbangin sa pagpili kung aling mukha ng pag-ibig ang nararapat pahalagahan sa panahon ng pagpapasya.

Ito ang naging suliranin ni Huwan sa dulang *Ang Unang Sigaw* nang pumutok ang rebolusyong 1896. Makikiisa nga ba siya sa nagaganap na pag-aalsa ng mga katipunero laban sa mga mananakop upang ipagtanggol ang kanyang bayan, o mananatili na lamang muna sa tabi ng kanyang anak na may sakit? Saksihan ang mga diyalogo ng mag-asawang Huwan at Andeng:

ANDENG: Huwan, asawa ko, kami ba'y iiwan mo?

HUWAN: Oo giliw ko, pagkat oras na.

ANDENG: Magkakapuso ka bang iwanan itong anak mo na patawirin dili?

HUWAN: Andeng, huwag mong pahinain ang aking loob. Ikaw ay naririyang naman. Siya'y huwag mong layuan. Ang tungkulin ko sa kanya'y ikaw muna ang gumanap.

ANDENG: Mahabag ka sa iyong anak. Hindi ka ba kaya magugulumihanan na kung ano ang ipagtalaga ng Diyos sa batang ito, ay wala ka at hindi man lamang nadama ang init ng iyong dibdib bago siya ganap na mamayapa. Huwan, maaawa ka! Kita'y di pinipigil, alam kong may mahalaga kang gaganaping tungkulin sa harap ng bayan, subalit ang isinasama ko lamang sa iyo'y ipagpaliban na muna ang alis mo alang-alang sa ating anak na mamamatay.

HUWAN: Andeng, bago ang lahat ay bayan muna. Huwag mong piliting magkulang ako sa aking tungkulin. Isipin mo asawa ko kung ikaw na rin ang unang sumumpa sa akin kung ako'y gumawa ng ganyan kalaking pagkukulang sa harap ng ating bayan.⁹

Nasa ganitong diskurso rin ang mga katuwiran ni Teo sa kanyang kasintahang si Maria buhat sa dulang *Ang Sigaw sa Balintawak* (1911) ni Severino Reyes, nang pigilan ng babae ang kanyang kasintahang ibig sumama sa Katipunan:

MARIA: Di baga pangako mong ibigin lamang kita'y di ka na mawawalay pa sa aking piling?

TEO: Talaga Ineng na ako'y di naman lalayo sa iyong piling pagkat sa ganang akin sumapiling man ako ng ating Inangbayan, ay inaalagata(?) kong ako'y sumasapiling mo rin, pagkat ang ina nating iya'y siyang nag-aruga sa ating lahat, di dapat tulutang siya'y mapipilan. Kapag ang ina'y alipin, alipin din ang mga anak. Kapag tinulutan nating magkagayon ay susumpain tayo ni Bathala. Ineng, ang ating matimyas na pag-iibigan ay ihahain natin sa dakilang dambanang pagluluklukan kay Inang. Kung siya'y makalaya na. Dapat malirip ng madla na ang pag-ibig sa lupang kinamulatan ay dapat sumaubabaw sa lahat ng pag-ibig.¹⁰

Higit pang napagtibay ang huling pangungusap na ito ni Teo nang magwakas ang dula sa isang resolusyon na nagbigay-linaw sa konsepto ng pagmamahal sa bayan. Upang tuluyang hindi mawalay sa kanyang kasintahang si Teo, sumapi na rin sa Katipunan si Maria at sumama sa digmaan.

Samantala, natatangi naman ang suliranin, resolusyon, at diskursong matutunghayan sa dulang *Ang Dalawang Pag-ibig* (1910) ni Patricio Mariano. Dahil kakaiba ang kinaharap na suliranin ng katipunerong si Loleng (isang Pilipinang naging asawa ng isang tinyenteng Kastila) kung kaya kakaiba rin ang ipinamamalay nitong timbangan ng pag-ibig. Sa dakong wakas ng istorya, tinutulan ni Loleng ang hinihingi ng mga katipunero na isuko sa kanila ang sandata ng kanyang asawa, at sa halip, pinangaralan ng babae ang mga kapwa niya katipunero.

LOLENG: . . . Ang sundalong may karangalan ay hindi magsusuko ng samantalang may buhay. Kailan pa man ay hindi ko mapapayagang marungisan ang karangalan ng aking asawa, ng aking minamahal, samantalang ako'y may hininga. Ang ikapupusyaw ng kanyang karangalan ay ikarurungis ko rin. Sa isang bagay lamang mapapayagan kong siya, sa laki ng aking pag-ibig at pagmamahal. . . Ganito ang babaing Pilipina. Marunong magtaglay ng dalawang pag-ibig: ang pag-ibig sa kabiyak ng puso at ang pag-ibig sa tinubuang-lupa. Dalawang pag-ibig na kahit malalaki ay hindi magkalaban. Siya'y Kastila, siya'y minamahal ko, ngunit sa mga bisig niya'y isinisigaw: Mabuhay na malaya ang Pilipinas.¹¹

Sa dulang *Bayan*, ang pagpapahalaga naman sa sariling buhay ang siyang itinatapat sa pagmamahal sa bayan.¹² Ayon kay Fernando, hindi dapat pagkaabalahan ng kanyang mga pinsang sina Delfin at Menandro ang himagsikan. Isa raw itong kabuhungan at bagay na hamak lamang. Naniniwala si Fernando na ang mag-isip ng para sa bayan ay isang paraan ng pagpapakamatay. Hindi raw siya kainlanman susuong sa isang digmaan na kung saan nakalalamang ang makapangyarihan dahil mahal niya ang sariling buhay.

Mahihiwatigan ang tono ng panunuligsa sa mga Amerikano ng mga dulang pangkasaysayan dahil tila binubuhay ng mga ito ang diwa ng isa sa mga saknong ng tula ni Bonifacio, ang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa"—"Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya/ Sa pagkadalisa at pagkadakila/ Gaya ng pag-ibig sa Tinubuang Lupa/ Aling pag-ibig pa, Wala na nga, wala."¹³ Iniluluklok ng mga dulang historikal ang pagmamahal sa bayan sa pedestal ng antasan ng iba't ibang pag-ibig. Bunga nito, nabubuo ang imahen ng Inangbayang kumakandili sa lahat ng mga anak nito.

ANG PANANALINGHAGA NG REBOLUSYON

Matingkad ang iba't ibang metaporang matatagpuan sa mga teksto ng dulang pangkasaysayan. Tila hango ang mga talinghaga nito sa sanaysay ni Emilio Jacinto, ang *Liwanag at Dilim* (1896).¹⁴ Halimbawa, itinampok sa dulang *Bayan* ang imahen ng bukanliwayway (liwanag) para sa mga salitang kasarinan at kalayaan.¹⁵ Namayani rin ang konsepto ng liwanag sa dulang *Ang Dalawang Pag-ibig* na nagbibigay-linaw naman sa kahulugan ng pagkamulat.¹⁶ Inihambing ang tao sa hayop. Ang una ay may kapasidad mag-isip, mangatuwiran at makita ang liwanag samantalang ang ikalawa'y

walang kakayahang maghasik ng liwanag upang labanan ang dilim o kamangmangan.¹⁷ Sa dulang *Unang Sigaw*, ang metapora pa rin ng liwanag ang itinutumbas sa panahon ng katubusan ng bayang lugami sa hirap at pagdaralita.¹⁸

Maaaring ipinahihiwatig ang ganitong pagtatampok ng mga metapora sa dula na hindi pa ganap na nauunawaan ng nakararaming Pilipino ang tunay na diwa ng kalayaan noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Ginamit na lunsaran ng mga mandudula ang imaheng gaya ng liwanag upang mabigyang-kahulugan ang konsepto ng kalayaan at pananakop. Waring ginigising ng mga metaporang ito ang makabayang damdamin ng mga Pilipino sa ilalim ng isang bagong kalonisador. Pansinin kung paano inilarawan ng isang kolumnista ng *Taliba* sa kanyang artikulo (“Isa Pang Tagumpay” Nobyembre 29, 1930) ang reaksyon ng mga manonood sa dulang *Unang Sigaw* na itinanghal sa Opera House bilang paggunita sa kaarawan ni Bonifacio:

Makuhang papag-initin ng dula, palibhasa’y nagpapasariwa ng damdamin, at ginawa sa sariling wika ang sa pasimula’y malamig na lamayang tunay na nakakalungkot at nakapagpapawala ng pag-asa. Nakuhang pahugungin ang dulaan, buhayin ang kagitingan, patibukin ang puso, aywan kung utang sa may akdang pinilit na ipakilala sa nagsisipanood na di tumigil sa pagakpakan habang di siya lumalabas ng tanghalan, o aywan naman kung sa kabutihan ng mga nagsisiganap ng tungkulin. May-akda at mga nagsisiganap ay nag-aaawan sa pagpuri at sa pagpapahugong ng dulaan.

Autor! Autor! Ang sigawan ng madla hindi pa man nata-tapus . . .

At sa likod ng nakailang pagakpakang lalong nag-iinapoy habang tumatagal ay lumabas ang may akda, ang mandudulang si Palaspas (sa wikang sarili) o Precioso Palma (sa wika ng unang mapang-alipin). . .

Ang dula ay dapat na itanghal uli.

Itanghal na paulit-ulit, lalo na sa mga lalawigang paglalaganapan ng Bagong Katipunan.

Itanghal hanggang sa Iloko at hanggang sa Bisaya at maging saan man.¹⁹

Batay sa artikulo, mababanaagan ang maalab na pagtanggap ng mga manonood sa dulang may paksang kaugnay sa Katipunan. Masasabi na tanda ito ng patuloy na pag-iral ng diwa ng Katipunan hanggang dekada trenta para sa mga taong nagbibigay ng pulitikal na pagbasa sa mga dulang gaya ng *Unang Sigaw*. Tuwiran nilang iniuugnay ang paksa ng dula sa mga adhikain ng Katipunan na noong panahong iyon ay nagbagong-bihis para tuligsain ang isang bagong mananakop.

Noong dekada apatnapu naman, tuwiran nang ipinamalay ni Julian Cruz Balmaseda ang naging pagkukulang ng mga taksil na Pilipino alinsunod sa pagtupad sa batas na itinakda ng Katipunan. Sa disenyong dekalogo, isinulat niya noong 1943 ang dulang *Ang Sampung Utos ni Bonifacio*.²⁰ Binatikos sa dulang ito ng pangunahing tauhang si Bonifacio ang mga nagnanais makapasok sa kanyang kaharian sa langit. Pinabalik ni Bonifacio sa lupa ang mga mamamayang hindi nakapasa sa pamantayan ng Katipunan. Taglay ang katangian ni San Pedro, inusig ni Bonifacio ang Paralitiko, Baya-bayanihan, Puli-pulitikuhan, Ususero, at Mahistrado. Pinagpayuhan niya ang mga ito na mamuhay muli sa mundo at iwasto ang naging pagkukulang nila sa mga kapwa Pilipino.

Masasabing hindi lamang isang akdang pangkasaysayan ang dulang *Ang Sampung Utos ni Bonifacio*. Hindi lamang ito nagbigay-taya tungkol sa kinahinatnan ng adhikain ng Katipunan. Isa rin itong anyo ng panlilibak sa Pilipinong nagtaksil sa bayan at nakalimot sa turo ng Katipunan. Kung tutuusin, maaari itong ituring na subersibo ng pamahalaang Amerikano. Gayumpaman, dahil marahil sa paggamit ng isang tagpuan na likhang-isip at may pasintabi sa kasaysayan, hindi nila ito nasawata.

Kapansin-pansin ang akdang ito ni Balmaseda na naisulat sa panahong halos “tapos” na ang pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Maitu-turing na isa pa rin itong dulang pangkasaysayan, subalit kakaiba na sa kanyang uri. Bagama’t ang adhikain ng Katipunan ang pinahahalagahan ng dula, wala ditong masasaksihang anumang tagpo ng himagsikan na karaniwan sa mga dulang pangkasaysayan. Maaaring ipinahihiwatig nito na nagbabago na noong panahong iyon ang pagpapakahulugan sa rebolusyon at kalayaan. Ang pagpapakahulugan sa rebolusyon ay higit pa sa madudugong pakikibaka. Ito ay ang paglaya buhat sa tanikala ng pansariling interes na siyang pinapaksa ng dula ni Balmaseda.

HISTORYADOR AT REBOLUSYUNARYO

Sinikap buhayin ng mga mandudula sa kanilang akda ang adhikaing pulitikal na hango sa mga akda nina Bonifacio at Jacinto. Kapansin-pansin na sa mga adhikain nina Bonifacio at Jacinto umiikot ang tema ng mga dula tungkol sa Katipunan na naisulat noong mga unang dekada ng siglo dalawampu. Ang mga dulang ito ay isang pagsasalin lamang sa tanghalan ng mga rebolusyunaryong tula at sanaysay ng dalawang manunulat at bayani.

Taglay ng mga mandudula ang sentimyento ng rebolusyon dahil naging bahagi sila ng himagsikan sa tuwiran at di-tuwirang paraan. Ilan sa mga mandudula nito ay mga manunulat ng iba pang akdang maituturing na mapanuri sa pamahalaang Amerikano. Dalawa sa mga dula ni Severino Reyes ang may pulitikal na tema—ang *Filipinas Para Los Filipinos* na isinulat noong 1905 na nagpapakita kung paano unti-unting pinag-samantalahan ng mga Amerikano ang ekonomiya at pulitika ng Pilipinas, at ang *Sigalot ng mga Filipinos at mga Amerikano* na naisulat noong 1898.²¹

Samantala, bago pa maisulat ni Julian Cruz Balmaseda ang *Sampung Utos ni Bonifacio*, nakasulat na siya ng dalawang dula tungkol sa rebolusyon: ang *Sapote* na dulang may tatlong yugto at ang *Lunas at Lakas* na isang dulang alegoriko na may isang yugto na naisulat naman noong 1908. Pareho ring pulitikal ang tema ng dalawang dula.²²

Higit pang lilinaw ang oryentasyong pulitikal at kontra-Amerikano ng mga dulang hango sa Katipunan kung isasaalang-alang ang mga naging buhay ng mga manunulat nito. Naging kasapi ng Katipunan at biktima ng himagsikan ang ilan sa mga dramatista. Naging tinyente ng artileriya sa hilaga noong panahon ng rebolusyon si Patricio Mariano.²³ Sumapi rin sa Katipunan si Jose Ma. Rivera at naging sundalo siya rito.²⁴ Naranasan din ni Severino Reyes ang maparatangan ng mga Kastila bilang isang insurekto bagama't naiwasan niyang maparusahan dahil sa galing niyang mangastila.²⁵

Maituturing ang mga mandudula na produkto ng mga nagtutung-galing kamalayan sa kanyang panahon. Ang paniniwala ng mga mandudula ang siyang humuhubog sa oryentasyon ng akdang kanilang isinulat. Ang mga akdang nailuluwal sa isang partikular na yugto ng kasaysayan ay isang likha o *construct* ng isa pang likha gaya ng isang manunulat.

PAGLALAGOM

Hindi lamang ang pangkasaysayang aspekto ng dula ang pinagtangkaang suriin ng sanaysay na ito. Sa halip, higit na pinalutang ang nahihimlay nitong kahulugan na sinusuhay ng lipunang nagluwal sa kanya. Napatingkad ang pagiging mapanuri ng mga dulang pangkasaysayan sa panahon ng Amerikano sa pamamagitan ng ginawang pagtalakay sa 1) konteksto nito, 2) mga itinampok na konsepto at metapora, 3) tala tungkol sa naging interpretasyon rito ng piling manonood, at 4) mga tagalikha nito. Bagama't itinuring ng pamahalaang Amerikano na tapos na ang rebolusyon at bahagi na lamang ito ng kasaysayan, may mahuhugot pa ring pahiwatig ang mga manonood at mambabasa nito na may sinasabi pa rin ang mga naturang dula sa sariling panahon, lalo't higit kung isasakonteksto ang mga paksain nito sa panahon ng kolonyalismo.

Ang mga dulang hango sa kasaysayan gaya ng mga dulang may patungkol sa Katipunan at rebolusyong 1896 ay hindi lamang mananatiling bahagi o dokumento ng kasaysayan. Para sa isang lipunang hindi pa natatamo ang tunay na kalayaan buhat sa mga puwersang kolonyal, ang mga dulang pangkasaysayan ay magiging isang buhay na tradisyon. Pagbubukalan ito ng angkop na kahulugan ayon sa pinagluluwalan nitong konteksto at kasaysayan. At ito nga marahil ang naging kahulugan ng mga dula tungkol sa Katipunan na naisulat noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Higit pa sa panggunita sa kasaysayan, taglay ng mga dulang ito ang layuning ipamalay na ang rebolusyong 1896 o ang adhikain ng bayan na makalaya sa dayuhang puwersa ay nagpapatuloy pa rin sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

ENDNOTES

- ¹Renato Constantino at Leticia Constantino, *Ang Bagong Lumipas I* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997) 300.
- ²Virgilio Almario, *Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896, Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto* (Manila: Cultural Center of the Philippines, 1993) 152-3.
- ³Precioso Palma, *Ang Unang Sigaw* (1930). Makikita ang makinilyadong kopya ng iskrip nito sa University of the Philippines Main Library. Tingnan din ang Tomo II ng *Dramang Tagalog, 1899-1944, Isang Pag-aaral sa mga Anyo at Paksa* ni Jerry C. Respeto (Di-limbag na M.A. Tesis, University of the Philippines, 1995).
- ⁴Ibid.
- ⁵Jose Ma. Rivera, *Bayan*. Maynila: La Vanguardia, 1916.
- ⁶Almario, 141-44.
- ⁷Ibid., 145-46.
- ⁸Rivera, *Bayan*.
- ⁹Palma, *Ang Unang Sigaw*.
- ¹⁰Severino Reyes, *Ang Sigaw Sa Balintawak* (1911). Makikita ang iskrip nito sa U.P. Main Library. (Sulat-kamay).
- ¹¹Patricio Mariano, *Ang Dalawang Pag-ibig*. Makikita ang makinilyadong kopya ng iskrip nito sa U.P. Main Library.
- ¹²Rivera, *Bayan*.
- ¹³Almario, 141-44.
- ¹⁴Almario, 166-82.
- ¹⁵Rivera, *Bayan*.
- ¹⁶Mariano, *Ang Dalawang Pag-ibig*.
- ¹⁷Almario, 166-82.
- ¹⁸Palma, *Ang Unang Sigaw*.
- ¹⁹“Isa Pang Tagumpay,” *Taliba*. Nobyembre 29, 1930.
- ²⁰Julian Cruz Balmaseda, *Ang Sampung Utos ni Bonifacio* (1943). Makikita ang makinilyadong kopya nito sa U.P. Main Library. Tingnan din ang Tomo II ng *Ang Dramang Tagalog, 1899-1944, Isang Pag-aaral sa mga Anyo at Paksa* ni Jerry C. Respeto (Di-limbag na M.A. Tesis. U.P., 1995).
- ²¹Herminio S. Beltran Jr. and Nicanor G. Tiongson, “Severino Reyes,” *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. Vol. VII, Philippine Theater, Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994, 386.
- ²²Nicanor G. Tiongson and Doreen G. Fernandez, “Julian Cruz Balmaseda,” *CCP Encyclopedia*, 264-66.
- ²³R. Galang, “Patricio Mariano,” *CCP Encyclopedia*, 348-99.
- ²⁴M.I. Marquez and N.G. Tiongson, “Jose Ma. Rivera,” *CCP Encyclopedia*, 389.
- ²⁵H.S. Beltran Jr. and N.G. Tiongson, “Severino Reyes,” *CCP Encyclopedia*, 386-87.

BIBLIOGRAPHY

Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896, Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1993.

- Balmaseda, Julian Cruz: *Ang Sampung Utos ni Bonifacio*. 1943. Makinilyadong kopya. UP Main Library.
- Barry, Peter. *Beginning Theory An Introduction to Literary and Cultural Theory*. Manchester: Manchester University Press, 1995.
- Constantino, Renato at Leticia Constantino. *Ang Bagong Lumipas I*. Quezon City: University of the Philippines Press and Foundation for Nationalist Studies, 1997. (Salin nina Lamberto Antino at Ariel Dim Borlongan mula sa *The Philippines: A Past Revisited*).
- Flores, Simplicio and M. Jacobo Enriquez, eds. *Sampung Dula na Tig-lisang Yugto*. Manila: Philippine Book Company, 1947.
- Harris, Wendell V. *Dictionary of Concepts in Literary Criticism and Theory*, New York: Greenwood Press, 1992.
- “Isa Pang Tagumpay” *Taliba* (Nobyembre 29, 1930).
- Makaryk, Irena R. *Encyclopedia of Contemporary Literary Theory, Approaches, Scholars, Terms*. Canada: University of Toronto Press Inc., 1993.
- Manuel, Arsenio E. *Dictionary of Philippine Biography*, Volume II. Quezon City: Filipiniana Publications, 1970.
- Mariano, Patricio. *Ang Dalawang Pag-ibig*. Makinilyadong Kopya. UP Main Library.
- Palma, Precioso. *Ang Unang Sigaw*. (1930). Makinilyadong Kopya. UP Main Library.
- Perez, Valentina R. *Julian Cruz-Balmaseda As A Dramatist With Special Emphasis on “Ang Tala sa Kabundukan*. (Di-limbag na Tesis), UP 1975.
- Respeto, Jerry C. *Ang Dramang Tagalog, 1899-1944. Isang Pag-aaral sa Mga Anyo at Paksa*. (Di-limbag na Tesis), UP, 1995.
- Reyes, Severino. *Ang Sigaw sa Balintawak*. (1911). Sulat-kamay. UP Main Library.
- Riggs, Arthur S. *The Filipino Drama (1905)*. Manila: Intramuros Administration, 1981.
- Rivera, Jose Ma. *Bayan* (1916). Maynila: La Vanguardia at Taliba.
- Selden, Raman. *Practicing Theory and Reading Literature, An Introduction*. Kentucky: The University Press of Kentucky, 1989.
- Tiongson, Nicanor, G. (editor-in-chief) and Doreen G. Fernandez (area editor), *CCP Encyclopedia of Philippine Art*. Vol. VII, Philippine Theater, Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.